


Project EASE

(Effective Alternative Secondary Education)

ARALING PANLIPUNAN III



MODYUL 11

ANG RENAISSANCE (MULING PAGSILANG)



BUREAU OF SECONDARY EDUCATION
Department of Education
DepEd Complex, Meralco Avenue
Pasig City



MODYUL 11

ANG RENAISSANCE (MULING PAGSILANG)







Ang muling pagsilang ng karunungan sa loob ng tatlong siglo makalipas, matapos ang Panahong Midyibal sa Europeo, nagsimula ang maraming pagbabagong panlipunan, pampolitika at higit sa lahat sa mga bagong kaisipang pinalaganap ng mga pilosopo at siyentista mula ika-14 hanggang ika- 16 na dantaon.

Mapupukaw ang iyong kaalaman sa modyul na ito kung paano namulat ang tao sa katotohanang mahalaga ang pagkatao at sa mahalagang nagagawa nila. Binigyan diin at inimulat ng Renasimyento kung paano sinikap ng tao na linangin ang kanyang mga potensyal sa paggamit ng pag-iisip, pangangatwiran at pag-eeksperimento na siya naming nagsulong sa pag-unlad ng kilusang intelektual at humanistikong pag-aaral. Sa modyul na ito, mababatid mo kung ano nga ba ang tinatawag nating Renaissance, mga salik na nagbigay-daan sa sa kilusang ito, ang paglaganap ng humanismo at higit sa lahat ang kahalagahan nito sa kasaysayan.



May apat aralin sa modyul na ito:

-  Aralin 1: Kahulugan ng Renaissance
-  Aralin 2: Mga Salik sa Pagsibol ng Renaissance sa Italya
-  Aralin 3: Paglaganap ng Humanismong Renaissance
-  Aralin 4: Kontribusyon at Epekto ng Renaissance



Pagkatapos mong mapag-aralan ang modyul, inaasahang magagawa mo ang mga sumusunod:

1. Mabibigyang kahulugan ang konseptong Renaissance;
2. Masusuri ang mga salik na nagbigay - daan sa Panahong Renaissance;

3. Mahihinuha ang mahalagang ginampanan ng Humanismo sa Panahon ng Renaissance; at
4. Mapahalagahan ang mga kontribusyon ng Renaissance sa daigdig

Handa ka na ba? Subukan mong sagutin ang mga sumusunod na tanong. Huwag kang mangamba sa pagsagot. May mga tulong sa pag-aaral na inihanda para sa iyo.



PANIMULANG PAGSUSULIT:

Panuto: Bilugan ang titik ng tamang sagot:

1. Rene Descartes: Discourse on Method; Isaac Newton: _____
 - a. Advancement of Knowledge
 - b. Mikrospoyo
 - c. Prinsipyo ng Grabitasyon
 - d. Pag-inog ng planeta

2. Ang bayang sinilangan ng Renaissance?
 - a. Germany
 - b. Spain
 - c. Switzerland
 - d. Italy

3. Ang muling pagsilang ng kaalaman sa Europa
 - a. Humanismo
 - b. Renaissance
 - c. Manor
 - d. Feudalismo

4. Ang kilusan na kumikilala sa kahalagahan ng tao.
 - a. Krusada
 - b. Humanismo
 - c. Guild
 - d. Espesyalisasyon

5. Prinsipe ng mga Humanista.

- a. Petrarch
 - b. Erasmus
 - c. Thomas More
 - d. Machiavelli
6. May akda ng The Prince.
- a. Thomas More
 - b. Johannes Guttenberg
 - c. Erasmus
 - d. Machiavelli
7. Sumulat ng Utopia.
- a. Thomas More
 - b. Johannes Guttenberg
 - c. Machiavelli
 - d. Petrarch
8. Makata ng mga makata at Romeo at Juliet.
- a. Raphael Santi
 - b. William Shakespeare
 - c. Miguel de Cervantes
 - d. Leonardo da Vinci
9. The Last Supper at Mona Lisa.
- a. Leonardo da Vinci
 - b. Michaelangelo
 - c. Raphael Santi
 - d. Titian
10. Sistine Chapel sa Vatican.
- a. Michaelangelo
 - b. Leonardo da Vinci
 - c. Raphael Santi
 - d. Titian
11. Don Quixote de la Mancha.
- a. William Shakespeare
 - b. Leonardo da Vinci
 - c. Thomas More
 - d. Miguel de Cervantes
12. Araw ang sentro ng Sansinukob.
- a. Sir Isaac Newton
 - b. Galileo Galilei
 - c. Johannes Kepler
 - d. Nicolas Copernicus
13. Teleskopyo.

- a. Johannes Kepler
- b. Nicolas Copernicus
- c. Galileo Galilei
- d. Sir Isaac Newton

14. Ang kulturang klasikal ay tumutukoy sa kulturang

- a. Tsino
- b. Griyego- Romano
- c. Indo-Europeo
- d. Americano

15. Ang bansa sa Europa na hugis bota at napapaligiran ng Dagat Adriatico at Mediterranean.

- a. Spain
- b. Rome
- c. Italy
- d. Portugal

16. Ama ng Humanismo

- a. Petrarch
- b. Erasmus
- c. Thomas More
- d. Machiavelli

17. Pambansang sigla sa pag-aaral ng mga kaalamang klasikal.

- a. Dark Age
- b. Renaissance
- c. Humanismo
- d. Golden Age

18. Boccaccio: Decameron, Thomas More: _____.

- a. Divine Comedy
- b. In Praise of Folly
- c. The Prince
- d. Utopia

19. Bakit sa Italya unang sumibol ang Renaissance?

- a. Lokasyon
- b. Katatagang Pampulitika at Pang-ekonomiya
- c. Maraming mga tagapag-ambag ng Renaissance ay isinilang dito
- d. Lahat ng nabanggit

20. Aklat na nanlalait sa mga kamangmangan ng lipunan at ng simbahan.

- a. Decameron
- b. La Pieta

- c. In Praise of Folly
- d. The Prince

ARALIN 1

ANG KAHULUGAN NG RENAISSANCE



Tatalakayin ng araling ito ang konseptong Renaissance, bakit ito iniukol o iniangkop sa kasaysayan ng Europa mula ika-14 hanggang ika-16 na dantaon (1350- 1600). Malaking pagbabago ang naganap sa mga Europeo sa pagwawakas ng Panahong Midyibal.

Sa panahong Renaissance tatalakayin ng araling ito kung ano ang pinanumbalik o binuhay na muli, na lumikha ng mga pagbabagong nagbigay- daan sa makabagong panahon.



Matapos ang Araling ito, inaasahan na iyong:

1. Mabibigyang kahulugan ang konseptong Renaissance;
2. Makakapagpapaliwanag kung bakit ito iniangkop sa kasaysayan ng Europa mula ika-14 hanggang ika-16 na dantaon; at
3. Matutukoy ang mga binuhay na muli ng Renaissance.



Gawain 1: Pag-isipan Mo!

MAG-REVIVE KA NGA!

- Magtala ng mga awiting *revival* na naririnig mo hanggang sa kasalukuyang panahon.
- Nagustuhan mo ba ang mga awiting ito? Bakit?
- Ano ang katangian ng mga awiting ito at ano ang nais ipahiwatig nito?

Renasimyento (Renaissance)

Ang salitang Renaissance ay hindi na bago, hango ito sa salitang Latin “renovatio” o “ spiritual rebirth.” Nasaad sa Bagong Tipan,(Jesus said to Nicodemus: Verily, verily, I saw unto Thee, Except a man be born again, he cannot see the kingdom of God.” [John3: 3]).

Ano ang ibig sabihin ng Renaissance? Sa salitang Pranses, ito ay nangangahulugang: muling pagsilang o rebirth. Muling pagkamulat, muling pagkabuhay at pagpapanibago o revival.

Hindi isang kagyat na rebolusyon ang pagpasok ng Renaissance sa Europa, kundi ito ay isang unti-unting transisyon para matamo ang kanilang pagbabago.

Sa panahong ito muling pinatili at pinanumbalik ang mga sinaunang kulturang klasikal ng Gresya at Roma, na nakapagdulot ng sigla sa kaisipan ng Europa at nagbigay daan sa maraming pagbabago sa larangan ng sining, arkitektura, at eskultura. Naging inspirasyon din ang Renaissance sa mga mangangalakal dahil naging maunlad ang ekonomiya at sa larangan ng eksplorasyon binigyang sigla ang mga manlalakbay na galugarin ang mundo na kung saan naitatag ang mga bagong imperyo ng Europeong mananakop. Isang panahon sa Renaissance na nabuhay na muli ang interes ng mga mamamayan sa kalikasan ng tao. At mula rito, naglabasan ang mga taong may taglay na kakayahan, kumbaga, “ all the talented people came, for its their time to shine,”

Sa kabuuan, ang diwang ito ng kalayaang intelektual ang nagtayo ng tuntungan sa pagpasok ng Renaissance na sumunod sa Panahon ng Karimlan (Dark Ages). Nabuksan ang isipan ng mga tao na gamitin ang kanyang abilidad at talento sa pagtuklas ng mga bagay-bagay at nagresulta ng mga ambag na napakinabangan ng lipunan.



Gawain 2: Pagpapalalim ng Kaalaman

Panahon pa ni Kristo nabigyan na ng kahulugan ang salitang

Renaissance, nangangahulugan itong

”Spiritual Rebirth”. Sa panahong mula ikalabing-apat na taon hanggang ikalabing-anim na taon, ito ay naging “Muling Pagsilang.” Sa ngayon, paano mo ito gagamitin o bibigyang kahulugan?

“Ang Simbahan ang institusyong hindi natitinag ng Panahon.” Iniugnay ito sa paglakas ng kapangyarihan ng Simbahang Katoliko sa Panahon ng Karimlan. Sa Panahon ng Renaissance nagkaroon ng pagbabago, natinag ang kapangyarihang ito. Sa kasalukuyan, bakas pa ba ang kalakasan ng simbahan? Sa araling ito anong aral ang napulot natin?




Tandaan Mo!

- Ang terminong *Renaissance* ay mula sa salitang Pranses na ibig sabihin ay muling pagsilang o *revival*
- Ito ay muling paglago ng sining, panitikan at pag-aaral na naganap sa Europa mula ika-14 hanggang ika-17 dantaon.
- Isang transisyon mula sa kalagitnaang panahon patungo sa Modernong Panahon.



Gawain 3: Paglalapat

Magbigay ng **sariling pakahulugan** na nauugnay sa salitang Renaissance at gamitin ito sa sariling pangungusap.



ARALIN 2

MGA SALIK SA PAGSIBOL NG RENAISSANCE SA ITALYA



Nagsimula sa Italya ang Renaissance: Bakit hindi sa Pransiya, sa Inglatera, kaya, o saan man sa Europa. Bakit sa Italya? Anong mahalagang salik ang nagbigay bentahe upang maging tahanan ng Renaissance ang Italya?



Matapos ang Araling ito, inaasahan na iyong:

1. Masusuri ang mga kadahilanan sa pagsibol ng Renaissance sa Italya; at
2. Mahihinuha ang kahalagahan ng kinaroroonang pangheograpiya sa kasaysayan ng bansa.



Gawain 1: Pag-isipan Mo!

BAKIT SA ITALYA?

Pansinin ang nakalarawang mapa sa itaas. Sagutin ang mga sumusunod na tanong:

- Anong mga katawang-tubig ang nakapalibot sa lupain ng Italya?
- Anu-ano ang mga pangunhing lungsod-estado na matatagpuan sa mapa?
- Sa ganitong uri ng heograpiya, Ano sa palagay mo ang maaring maitulong ng Kipot ng Adriatiko at Dagat Mediterreanean sa Italya?

Pinakamahalagang salik ang kinaroonang pangheograpiya ng Italya. Sa mapa ng daigdig, matatagpuan ang Italya sa pagitan o dakong gitna ng Kanlurang Europa at Kanlurang Asya. Dahil sa magandang lokasyon nito, nagkaroon ng bentahe ang mga lunsod-estado ng Italya na noong panahon yaon, ang pinakamayaman sa Europa, na nagkaroon ng pagkakataon na makipagkalakalan sa mga bansa sa Kanlurang Asya at Kanlurang Europa. Nakatulong din ang kinaroonang sentral ng Italya sa pagtanggap ng iba't-ibang kaisipan mula sa Kanluran at Silangan.

Naganap sa Italya ang Renaissance, sa kadahilanang itinuturing ng mga Italyano sa dugo at wika, na sila ang may kaugnayan sa mga Romano kaysa alinmang bansa sa Europa. Dahil sa pananaw na ito, muling nabigyang- sigla ang kanilang pagnanasang mapanumbalik ang tagumpay ang kabihasnang klasikal ng sinaunang Roma.

Mahalagang papel ang ginampanan ng mga unibersidad sa Italya, naitaguyod at napanatiling buhay ang kulturang klasikal at ang mga teolohiya at pilosopiyang kaalaman ng kabihasnang Griyego at Romano. Sa pagkakaroon ng malayang pag-aaral sa unibersidad, naging praktikal ang mga tao sa kanilang pananaw sa buhay at mas naging malaya sa paglinang ng kanyang mga kakayahan at kagustuhan. Higit na hinangad ng mga tao ang lubos na kasiyahan sa kasalukuyang –buhay kaysa sa pag-aalala sa kanilang kamatayan.

Sa paglitaw ng Renasimyento, nakatulong din ang mga Griyegong tumakas sa pananakop ng Turkiya sa bansang Gresya. Sa pagtakas nila papuntang Mediterranean tungo sa mga lungsod –estado ng Italya, nadala nila ang mga namanang kulturang Griyego na nakapagdulot ng karagdagang impluensiya sa makasaysayang pag-unlad ng mga Renasimyento.

Itinuturing na isa sa maraming dahilan kung bakit naging tunay na sinilangan ng Renaissance ang Italya, ay ay kanyang kinaroonan. Bunga nito naging maunlad at sentrong pangkomersyo ang mga lungsod- estado ng Italya. Kabilang sa mga mayayamang bangkero, mangangalakal at maharlikang angkan ng lungsod- estado ay nagkaroon ng pagkakataon at kakayahan na itaguyod ang mga alagad ng sining. Ginamit nila ang kanilang kayamanan sa pag-aanyaya sa

mga matatalino at malikhaing manunulat at artista upang itaguyod na muli ang mga kaalamang o kaisipang klasikal. Pinatira nila ang mga ito sa kanilang palasyo o tahanan. Pinakabantog sa lahat si Lorenzo de Medici o Lorenzo ang Dakila, na gumugol ng limpak-limpak na salapi sa pagtaguyod ng kanilang natatanging likhain. Hindi din pahuhuli ang mga kababaihan sa panahon ng Renaissance. Sa iba't-ibang larangan, nakilahok at naging kolektor sila ng mga obra maestra.



Gawain 2: Pagpapalim ng Kaalaman

“ ANG KAPALIGIRANG PISIKAL NG ISANG BANSA AY HUMUHUGIS SA KANYANG KASAYSAYAN.”

Anong konklusyon ang mahihinuha mo sa nabanggit na pangungusap?

Tunghayan mo ang mapa ng Italya. Hanapin ang Florence, Rome at Venice. Paanong ang lokasyon ng Venice ang nakapadulot sa kanya ng pang-ekonomiyang pag-unlad?



Tandaan Mo!

- Ang terminong *Humanismo* ay mula sa salitang Latin na *Humanitas* na ibig sabihin ay Kultura.
- Ito ay isang kilusang kultural para sa muling pagsilang ng karunungan Greek at Latin, ang pagpaparangal sa mga natamo ng tao at pagpapahalaga sa kulturang Klasikal noong ika-14 na siglo.
- Ang *Humanismo* ay hindi nangangahulugan nang pagtalikod sa Kristyanismo, tinalikuran lamang nito ang ideyang Midyibal ng *Teolohiya* ang pinakamahalagang pag-aaral ng tao.
- Itinaas ng *humanismo* ang materyal na karangalan ng tao.



Gawain 3: Paglalapat

Tanong 1 Ano ang nangyari sa Europa mula ika-14 hanggang ika-16 na dantaon

1. _____
2. _____
3. _____
4. _____
5. _____

Tanong 2: Bakit kaya ganoon ang nangyari?

1. _____
2. _____
3. _____
4. _____
5. _____

Tanong 3: Ano ang kinahinatnan ng bunga ng pangyayari?

1. _____
2. _____
3. _____
4. _____
5. _____

ARALIN 3

PAGLAGANAP NG HUMANISMONG RENAISSANCE



Ayon kay Peter Abelard na sinusugan ang pilosopiya ni Roger Bacon, "Sa

pag-aalinlangan napupunta tayo sa pagtatanong, at sa pagtatanong nararating natin ang katotohanan.” Aalamin natin ang ibig ipakahulugan ng pangungusap na ito sa pagsilang ng Humanismo sa panahon ng Renaissance.



Matapos ang Araling ito, inaasahan na iyong:

1. Mapapahalagahan ang pagsilang ng Humanismo; at
2. Matutukoy ang mga bunga ng Kilusang Humanismo.



Gawain 1: Pag-isipan Mo!

KAKAYANAN MO! ALAMIN MO!



Isipin mo na ikaw ang nasa larawang ito at itala ang iyong mga kakayanan base sa pagkakakilanlan mo sa iyong sarili. Itala ito sa talahanayan sa ibaba ayon sa iba't-ibang uri ng kasanayan.

PANGKISIPAN	PANDAMDAMIN	PANGKATAWAN
Hal. Malikhaing isip	Hal. Pagpapahalaga	Hal. Pagbuo ng mga bagay

Ang Pasilang ng Humanismo

Itinaguyod ng pilosopiya ni Roger Bacon, na lahat ng kaalaman ay napasailalim ng lalong mahigpit na pagsusuri sa pamamagitan ng eksperimento at katibayan. Nagbago sa panahon ng Renaissance ang pananaw sa buhay ng tao. Sa kauna-unahang pagkakataon, natuklasan ng tao ang kanyang sarili, higit na silang mapagtanong at mapanuri sa mga bagay na dati'y madali nilang tanggapin.

Ang pag-uusisa at hilig sa kaisipang klasikal ang nagtatag ng tuntungan sa kilusang tinatawag na Humanismo. Minsan, nabanggit ni Cicero ang ganito: “Lahat ng tao’y tinatawag na tao, nguni’t maari lamang tawaging makatao ay yaong naging sibilisado dahil sa pag-aaral na angkop sa kultura. Ang Humanismo ay isang kilusang kultura na ang saloobin sa buhay ay ang panunumbalik at pagbibigay-halaga sa kulturang klasikal ng Griyego at Romano.

Nagsilbing inspirasyon sa mga Humanista ang mga panitikan at sining ng mga sinaunang Griyego at Romano. Nagsaliksik at masusing nilang pinag-aralan ang mga manuskrito ng mga manunulat na Griyego at Romano at isinalin nila ito sa Latin.

Hinubog ng mga humanistang palagay ang pag-iisip at saloobin ng tao upang baguhin ang maling paniniwala at pamahiin noong Medieval Period.

Nagsimula ng magkaroon ng lamat ang pananalig ng tao sa simbahan at pag-aalinlangan sa mga paniniwalang panrelihiyon.

Ang Humanismo ay hindi laban sa Kristiyanismo, manapa, ipinadadama nito na hindi lamang ang paghahanda sa sarili sa susunod na buhay ay pangunahing tungkulin sa mundo. Kundi, dapat din hangarin ng tao ang lubos na kasiyahang pangkasalukuyan.

Sa larangan naman ng sining at panitikan, sa halip na sumusunod sa istilo na ginagawa noong panahong midyibal, ikinintal ang makabagong pamamaraan sa pagpinta at pagsulat, binigyan daan ang realismo, perspektiba at kariktan sa panitikan. Nabuhay sa panitikan ang kahinaan ng tao at kabiguan ng tao.



Gawain 2: Pagpapalalim ng Kaalaman

Ayon kay Peter Abelard, “ Sa pag-aalinlangan napupunta tayo sa pagtatanong, at sa pagtatanong nararating natin ang katotohanan.”

1. Paano mo maipapaliwanag ang pilosopiyang ito ni Peter Abelard?
2. Sa palagay mo, paano napukaw nito ang kilusang Humanismo?
3. Ibig bang sabihin ng pilosopiyang ito, na ang Humanismo ay isang kilusang laban sa Simbahan?



Tandaan Mo!

- Ang *Renaissance* ay nagsimula sa Italya dahil sa mga sumusunod na salik:
 - Ang Italya ay nasa pagitan ng Gitnang Silangan at Kanlurang Europa. Ang magandang lokasyon nito ay nagbigay pagkakataon sa mga lungsod dito na makipagkalakalan at makatanggap ng iba't-ibang kaisipan mula sa ibang bansa.

- Ang mga Italian ay mas malapit sa mga sinaunang Romano sa dugo at wika kaysa sa ibang Europeo.
- Ang mga Unibersidad sa italya ang nagbigay diin sa mga kaalaman sa teolohiya at Pilosopiya ng mga Griyego at Romano
- Ang pagtataguyod ng mga maharlikhang angkan sa mga taong mahusay sa sining at masigasig sa pag-aaral



Gawain 3: Paglalapat

1. Ilista ang mga pangalan ng mga kilalang tao noong panahon ng Renaissance

Hal. Michaelangelo Binarotti

Leonardo Da Vinci

2. Pangkatin ang mga kilalang tao na ito ayon sa ganitong paraan

A	B	C	D

3. Lagyan ng label ang bawat pangkat sa itaas.

- **A** = Larangan ng Panitikan
- **B** = Larangan ng Pagpipinta
- **C** = Larangan ng Iskultura
- **D** = Larangan ng Agham

ARALIN 4

KONTRIBUSYON AT EPEKTO NG RENAISSANCE



Hindi matutumbasang pamana ng Renaissance sa sangkatauhan ang mga kahanga-hangang likha sa iba't-ibang larangan ng sining at panitikan. Kilalanin natin ang mga taong kinilala sa mga pambihirang nagawa nila sa panahon ng Renaissance.



Matapos ang araling ito, inaasahan na iyong:

1. Matutukoy ang mga tanyag na *Humanista* sa Panahon ng Renaissance
2. Maipagmamalaki ang mga Kontribusyon sa iba't-ibang larangan sa panahon ng Renaissance.
3. Mapahalagahan ang mga mabubuting epekto ng Renaissance

Gawain 1: Pag-isipan Mo!



Panuto: Hanapin at bilugan ang mga salitang nasa loob ng kahon nasa ibaba.

WORD HUNT

L	E	V	M	N	G	E	L	I	N	E	M	A	R	T	I
I	N	T	E	L	E	K	T	W	A	L	K	I	L	O	N
T	F	G	D	G	K	E	E	J	R	D	P	R	R	R	O
E	G	R	E	N	J	R	R	H	K	I	P	W	D	F	R
R	B	E	S	F	H	F	F	H	I	O	O	D	T	E	E
A	T	T	I	D	G	G	G	G	T	H	I	K	G	R	P
T	H	Y	N	E	F	B	H	F	E	P	U	M	H	T	O

U	N	J	A	R	D	M	J	E	K	I	T	J	J	G	R
R	M	M	R	T	S	A	K	R	T	L	R	G	K	H	M
A	L	K	D	U	A	R	L	T	U	O	P	F	L	B	A
J	J	O	U	U	N	I	V	E	R	S	I	T	I	E	S
J	D	L	F	S	H	T	A	T	A	O	T	E	N	Q	Y
Y	E	I	G	F	Y	I	S	T	G	P	F	R	B	U	O
T	S	H	B	J	T	M	X	F	H	I	H	T	R	E	N
R	A	F	C	K	R	A	E	E	J	Y	R	Y	G	R	R
E	S	D	N	B	F	E	R	R	L	A	T	U	D	F	E

Intelektwal

Arkitektura

Repormasyon

Pilosopiya

Universities

Literatura

Maritima

Medesina

Repormasyon

Sa Larangan ng Sining at Panitikan

Francisco Petrarch (1304-1374). Ang “Ama ng Humanismo”. Pinakamahalagang sinulat niya sa Italyano ang “ **Songbook,**” isang koleksyon ng mga sonata ng pag-ibig sa pinakakamahal niyang si Laura.

Goivanni Boccacio (1313-1375). Matalik na kaibigan ni Petrarch. Ang kanyang pinakamahusay na panitikang piyesa ay ang “**Decameron**”, isang tanyag na koleksyon na nagtataglay ng isandaang(100) nakatatayang salaysay.

William Shakespeare (1564-1616) Ang “Makata ng mga makata.” Naging tanyag na manunulat sa Ginintuang Panahon ng England sa pamumuno ni Reyna Elizabeth I. Ilan sa mga sinulat niya ang mga walang kamatayang dula gaya ng: Julius Caesar, Romeo at Juliet, Hamlet, Anthony at Cleopatra at Scarlet.

Desidarius Erasmus (c.1466-1536). “ Prinsipe ng mga Humanista.” May-akda ng “***In Praise of Folly***” kung saan tinuligsa niya ang hindi mabuting gawa ng mga pari at mga karaniwang tao.

Nicollo Machievelli (1469-1527). Isang diplomatikong manunulat na taga Florence, Italia. May-akda ng **“The Prince.”** Napapaloob sa aklat na ito ang dalawang prinsipyo:

“ Ang layunin ay nagbibigay matwid sa pamamaraan.”

“Wasto ang nilikha ng lakas.”

Ang bagong kaisipang pulitikal na nasasaad dito ay ang kanyang payo na kung saan ang pinuno ay kailangang maging malupit, gumagawa ng katusuhan at panlilinlang para manatili sa kapangyarihan. Ang implikasyon ng mga prinsipyong ito: ang estado ay nariyan hindi para sa kasiyahan ng mamamayan; sa halip, ang mamamayan ay nariyan para sa estado.

Miguel de Cervantes. Sa larangan ng panitikan, sinulat niya ang nobelang “Don Quixote de la Mancha,” aklat na kumukutya at ginagawang katawa-tawa sa kasaysayan ang kabayanihan ng mga kabalyero noong Medieval Period.

Sa Larangan ng Pinta at Pintor.

Michelangelo Bounarotti (1475-1564). Ang pinakasikat na iskultor ng Renaissance, ang una niyang obra maestra ay ang estatwa ni David. Sa paanyaya ni Papa Julius II ipininta niya sa Sistine Chapel ng Katedral ng Batikano ang kwento sa Banal na Kasulatan tungkol sa .pinagmulan ng sandaigdaigan hanggang sa pagbaha. Pinakamaganda at pinakabantog niyang likha ang La Pieta, isang istatwa ni Kristo pagkatapos ng Kanyang Krusipiksyon.

Leonardo da Vinci (1452-1519). Ang hindi makakalimutang obra maestra niyang “ Huling Hapunan” (The Last Supper), na nagpakita ng huling hapunan ni Kristo kasama ang Kanyang labindalawang disipulo. Isang henyong mararaming nalalaman sa iba’t- ibang larangan. Hindi lang siya kilalang pintor, kundi isa ring arkitekto, iskultor, inhinyero, imbentor, siyentista, musikero at pilosoper.

Raphael Santi (1483-1520). “Ganap na Pintor”, “Perpektong Pintor”. Pinakamahusay na pintor ng Renaissance. Kilala sa pagkakatugma at balanse o proporsyon ng kanyang mga likha. Ilan sa kanyang tanyag na gawa ang obra maestrang “ Sistine Madonna”, “Madonna and the Child” at “Alba Madonna.”

Agham sa Panahon ng Renaissance

Nicolas Copernicus (1473-1543). Inilahad ni Nicolas ang teoryang Copernican; “ Sa pag-ikot ng daigdig sa aksis nito, kasabay ng ibang planeta, umiikot ito sa paligid ng araw.” Pinasungalingan ng teoryang ito ang tradisyonal na pag-iisip na ang mundo ang sentro ng sansinukob , na matagal din tinangkilik ng simbahan.

Galileo Galilei (1564-1642). Isang astronomo at matematiko, noong 1610. Malaki ang naitulong ng kanyang na imbentong teleskopyo para mapatotohanan ang teoryang Copernican.

Sir Isaac Newton (1642-1727). Ang higante ng siyentipikong Renaissance. Sang-ayon sa kanyang “Batas ng Universal Gravitation,” ang bawat planeta ay may kanya-kanyang lakas ng grabitasyon at siyang dahilan kung bakit nasa wastong lugar ang kanilang pag-inog. Ipinaliwanag niya na ang grabitasyon ito ang dahilan kung bakit bumabalik sa lupa ang isang bagay na inihagis pataas.

Tinatayang ang pag-usbong ng Renaissance ay hindi natatapos sa panahon na kung saan nakilala ang mga nabanggit na siyentipiko bagkus ito ay nagpapatuloy magpakailanman hangga’t ang tao ay naghahanap at naghahangad ng mga kasagutan sa kaniyang mga katanungan.

Ang ika-14 hanggang ika-16 na siglo ang sinasabing panahon na kung saan kakikitaan ng mga pagbabago mula sa madilim na anino ng kalagitnaang na panahon patungo sa Modernong Panahon.

Ang mga pangyayaring naganap sa panahon ng Renaissance ay nagbigay daan sa pagyaman ng kabihasan ng daigdig dulot ng malawak at maunlad na mga pag-aaral, pagmamasid at pananaliksik. Ang transisyong ito ay nagbigay-daan rin sa pag-usbong ng Rebolusyong Intelektwal at malawak nakaalaman sa daigdig bunsod ng malayang pag-iisip at pagpapahayag ng bawat indibidwal. Ang pagbabagong dulot ng yugtong ito ay nakatulong sa pagsulong at pagbubuklod buklo ng mga bansa sa katotohanang ang pagpapahalaga sa kalayaan at kabutihan ay nauukol sa sankatauhan.



Gawain 2: Pagpapalalim ng Kaalaman

Sa panahon ng Renaissance, si Niccolo Machiavelli ang tinaguriang “Ama ng Makabagong Siyensiya ng Pulitika.” Sa kanyang mga pilosopiyang, “Ang layunin ang nagbibigay ng katwiran sa pamamaraan” (The end justifies the means), at “Ang lakas ang gumagawa ng tama” (Might makes right).

Batay sa mga pilosopiyang nabanggit, paano mo maipapaliwanag ang mga sumusunod:

1. Ang magaling na pinuno ay yaong kinatatakutan.
2. Ang pinunong minamahal ngunit hindi kinatatakutan ay mahinang klase.
3. Ang uri ng pamamalakad ng isang pinuno ay dapat iakma sa pangangailangan ng bansa at panahon.
4. Ang pinunong matagumpay ay yaong suwitik at maabilidad.



Tandaan Mo!

Ang Renaissance ay mayroong mahalagang impluwensya sa pag-unlad ng kultura at takbo ng kasaysayan ng daigdig, ang mga epekto nito ay makikita sa mga sumusunod:

- Nagpayaman sa sibilisasyon ng daigdig partikular sa pilosopiya, literature at edukasyon.
- Nagpasimula ng Rebolusyong Intelektwal
- Nakatulong sa pagtuklas ng heograpiya at eksplorasyong maritima.
- Nagpasulong ng paglago ng Nasyon –Estado.
- Nagbigay-daan sa Repormasyon.



Gawain 3: Paglalapat

Sagutin ang mga tanong sa pamamagitan ng pagsulat ng sagot sa ilalim ng *Oo* at *Hindi*. Suriin at pangatwiran ang iyong mga sagot.

OO	Makatarungan ba ang pilosopiya ni Machievelli sa “The Prince” “ Ang layunin ay nagbibigay matuwid sa pamamaraan.” (<i>The end justifies the means</i>)	HINDI



MGA DAPAT TANDAAN SA MODYUL NA ITO

Ngayong natapos mo na ang mga aralin sa modyul na ito, ano ang mahahalagang kaalaman na dapat mong tandaan?

- ◆ Ang salitang renaissance ay isang salitang Pranses na hango sa salitang Italyano na *renasciminetto* na ang ibig sabihin ay muling pagsilang o panunumbalik ng kawilihan ng mga tao sa kahalagahan at kakayahan ng tao at sa kagandahan ng daigdig.
- ◆ Ang panahong ito ay itinuturing na ding pagpapalit ng panahon mula sa panahong midyebal patungong makabagong panahon.
- ◆ Isa rin itong reaksiyon sa uri ng pamumuhay medyikal kung saan ang personalidad ng tao ay higit na mahalaga kaysa sa kalipunang kinabibilangan, at tahasang pagpapahayag ng iniisip kaysa sa bulag na pagsunod.
- ◆ Binibigyang diin at halaga ng Humanismo ang kahalagahan ng makabuluhang pamumuhay ng tao sa daigdig, taliwas sa paniniwalang ang layunin ng pamumuhay rito sa mundo ay upang maghanda para sa kabilang buhay.
- ◆ Ang humanismo ay tumutungkol din sa kaalaman at pagkawili sa kulturang Griyego at Romano. Ang Italyanong si Petrarch ang kinilalang ama ng humanismo, malaki ang kaniyang nagawa upang muling sumigla ta manumbalik ang interes ng tao sa pag-aaral ng mga klasikang kultura ng sinaunang Griyego at Romano.
- ◆ Nagsimula ang renaissance sa Italya dahil sa pagiging mariwasa ng mga siyudad sa hilagang Italya tulad ng Venice, Florence, Milan at Genoa. Ang mga pintor, makata at manlililok ay hinimok at tinustusan ng mga mayayamang Italyano upang gumawa ng mga dakilang likhang sining na may diwang klasika. Ang kaalaman ng mag Italyano sa nakaraan na nakuha nila sa pakikipagkalakalan ay galing sa Constantinople kung sann napanatili at iningatan ang kulturang klasika.
- ◆ Ang pag-usbong Renaissance ay nagdulot ng malaking pagbabago para sa pag-unlad ng sibilisasyon ng daigdig. Ang mga pagbabagong ito ay nagpaningas ng rebolusyong intelektwal, pagunlad ng heograpiya at mga eksplorasyong maritima, paglago ng pambansang estado at higit sa lahat ay nagsilbing inspirasyon para sa mga kasalukuyang panatiko ng Sining.



PANGWAKAS NA PAGSUSULIT:

I. Panuto:.. Titik lamang ang isulat sa unahan ng bawat bilang maliban sa isa:

1. Ang panahong Renaissance ay kakikitaan ng mga sumusunod na katangian maliban sa isa:
 - A. Pagbibigay halaga sa tao at ikabubuti nito
 - B. Pagsunod sa kagustuhan ng simbahan
 - C. Paglikha ng iba't- ibang anyo ng sining
 - D. Wala sa nabanggit

2. Alin sa mga sumusunod ang hindi dahilan kung bakit nagkaroon ng Renaissance.
 - A. Nakilala ang Iskolastisimo noong ika- 13 siglo
 - B. Nagkaroon ng komunikasyon ang Europa sa Byzantine at sa sibilisasyong Muslim sa tulong ng mga Krusada at kalakalan
 - C. Paghina ng mga burgis sa Europa
 - D. Pagkalat ng mga unibersidad sa Europa

3. Alin sa mga sumusunod ang hindi dahilan ng paglaganap ng Renasimyento sa labas ng Italya?
 - A. Sa pamamagitan ng mga batang iskolar
 - B. Sa pamamagitan ng mga negosyante
 - C. Sa pamamagitan ng pagkakaroon ng digmaan
 - D. Sa pamamagitan ng mga diplomatikong palabas-labas ng bansa dahil sa trabaho at interes

4. Ang Renaissance ay salitang Pranses na ang ibig sabihin ay rebirth o muling pagsilang, sa yugtong ito ipinapaliwanag ang
 - A. Pagyabong ng Kaisipang Simbahan.
 - B. Transisyon mula Medieval hanggang sa pagpasok ng Modernong Panahon
 - C. Pagpapanatili ng paniniwalang Midyibal

- D. Lahat ng nabanggit
5. Ang Renaissance ay nagmula sa Italya, alin sa mga sumusunod ang hindi nagpapaliwanag kung bakit ito nagsimula sa Italya
- A. Ang lokasyon ng Italya ay nagbibigay sa mga lungsod ng pagkakataon upang yumaman at magkaroon ng pagkakataon sa paglikha ng sining
 - B. Ang Italya ay mas malapit sa mga sinaunang Romano sa dugo at wika kaysa sa ibang bansa
 - C. Ang Italya ay kontrolado ng Papa sa Roma
 - D. Wala sa nabanggit
6. Si Lorenzo de Medici ay tinaguriang
- A. Prinsipe ng Panahong Renaissance
 - B. Ama ng Panahong Renaissance
 - C. Prinsipe ng humanista
 - D. Ama ng Humanismo
7. Si Niccolo Machiavelli ay kinilala bilang
- A. Ama ng Makabagong Siyensiya ng Pulitika
 - B. Prinsipe ng Humanismo
 - C. Ama ng Humanismo
 - D. Perpektong Pintor
8. Kulturang nais ipanumbalik ang interest sa Sinaunang Gresya at Roma sa Panahong Renaissance
- A. Humanismo
 - B. Primogeniture
 - C. Gothic
 - D. Klasikal
9. Kinilala siya bilang Ganap na Pintor o Perpektong Pintor dahil sa kanyang mga pambihirang likhang sining
- A. Bramante
 - B. Raffaello Sanzio

- C. John Colet
- D. Leonardo da Vinci
10. Aklat na nanlalait sa mga kamangmangan ng lipunan at ng simbahan
- A. Decameron
- B. La Pieta
- C. In Praise of Folly
- D. The Prince
11. Ang pinakamalaking simbahan sa daigdig at pinakamagandang halimbawa ng arkitekturang Renaissance
- A. St. Peter's Basilica
- B. St. Paul's Cathedral
- C. Our Lady of Lourdes
- D. St. John the Baptist
12. Lumikha ng dalawang napabantog na obra maestra sa buong mundo, ang Huling Hapunan at Mona Lisa
- A. Leonardo da Vinci
- B. Raphael
- C. Michelangelo
- D. Donatello
13. Lumikha ng obra maestra sa Sistine Chapel
- A. Michelangelo
- B. Erasmus
- C. Pisano
- D. Thomas More
14. Teoryang nagpapaliwanag na ang araw ang sentro ng sanlibutan
- A. Geocentric theory
- B. Heliocentric theory
- C. Theory of Gravitational Force
- D. Theory of Inertia
15. Alin sa mga sumusunod na mga pahayag ang hindi kabilang sa paniniwalang Machiavellian?
- A. Malakas ang gumagawa ng mabuti
- B. Ang wakas ang magpapatunay
- C. Ipamahagi ang kapangyarihan sa ibang makakatulong para sa pag-unlad

D. Kailangan ang kalupitan upang maingat ang kapangyarihan

16. Anak ng isang edukadong abugado, siya ay ipinanganak sa Florence at kinilala bilang Ama ng Humanismo

- A. Niccolo Machiavelli
- B. Francisco Petrarch
- C. Lorenzo de Medici
- D. Leonardo da Vinci

17. Ang aklat na ito ay nagparebolusyon ng mga pulitikal na ideya ng kanyang kapanahunan (Machiavelli) at naglagay na pundasyon ng isang bagong siyensiyang pulitikal

- A. The Prince
- B. In Praise of Folly
- C. Decameron
- D. La Pieta

18. Kinilala at tinaguriang Universal Man dahil sa kanyang mga likhang sining

- A. Leonardo da Vinci
- B. Raphael
- C. Michelangelo
- D. Donatello

19. Alin sa mga sumusunod ang hindi kabilang sa epektong dulot ng Renaissance?

- A. Tumulong sa mga tuklas ng heograpiya at mga eksplorasyong maritime
- B. Nagpaningas sa Rebolusyong Intelektual
- C. Nagpaunlad sa dokrinang pang simbahan
- D. Nagpasulong ng paglago ng mga pambansang estado

20. Isang aklat na nilikha ni Miguel de Cervantes na nagpapakilala sa isang kabalyerong nadismaya kung saan sinasabing katawa-tawa

- A. Hamlet
- B. Macbeth
- C. Don Quixote de la Mancha
- D. Oratorio



GABAY SA PAGWAWASTO:

PANIMULANG PAGESUSULIT

- | | |
|-------|-------|
| 1) C | 11) D |
| 2) D | 12) D |
| 3) B | 13) C |
| 4) B | 14) B |
| 5) B | 15) C |
| 6) D | 16) A |
| 7) A | 17) B |
| 8) B | 18) D |
| 9) A | 19) D |
| 10) A | 20) C |

PANGHULING PAGESUSULIT:

- | | |
|-------|-------|
| 1. B | 11. A |
| 2. C | 12. A |
| 3. C | 13. A |
| 4. B | 14. B |
| 5. C | 15. C |
| 6. A | 16. B |
| 7. D | 17. A |
| 8. B | 18. A |
| 9. C | 19. C |
| 10. A | 20. C |

Sagot sa Aralin 4: Gawain 1

L			M												
I	N	T	E	L	E	K	T	W	A	L					
T			D						R						
E			E						K						R
R			S						I						E
A			I						T						P
T			N						E	P					O
U			A			M			K	I					R
R						A			T	L					M
A						R			U	O					A
				U	N	I	V	E	R	S	I	T	I	E	S
						T			A	O					Y
						I				P					O
						M				I					N
						A				Y					
										A					